PAANO KO ITO PAG-UUSAPAN?

Eto ang ilang mga tip upang mapag-usapan ninyo ito ng iyong anak na lalaki o babae:

Humanap ng panahon upang natural na mapag-usapan ang paksa, halimbawa, pagkatapos makakita ng patalastas para sa isang casino o pagkatapos malaman na ang isang kaibigan ay nanalo o natalo ng pera.

Magtanong muna. Alamin kung ano ang mga sariling kuru-kuro at pakiramdam ng iyong anak tungkol sa pagsusugal bago magbigay ng impormasyon o bago ibigay ang iyong sariling mga opinyon.

Ang pagsusugal ay isang paksâ na punung-puno ng mga kontradiksyon para sa kabataan. Tiyak na pag-usapan ang pagsusugal at ang iyong mga sariling prinsipyo.

Magtiyaga. Maaaring abutin nang ilang mga pagtatalakay bago maunawaan ng iyong anak ang mga kuru-kurong nais mong sabihin.

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon, bisitahin ang Website ng Responsible Gambling Council sa

www.**responsiblegambling**.org

Ang Responsible Gambling Council Nakatuon nang Husto sa Pag-iwas

Ang Responsible Gambling Council ay isang malaya at hindi pinagkakakitaang organisasyon na dedikado sa pag-iwas sa problema ng pagsusugal. Ang RGC ay gumagawa at nagbibigay ng mga programang nagbibigay-kaalaman na talagang mabisa. Itinataguyod ng Konseho ang pagkilala at paggamit ng mga pinakamahusay na praktis sa pag-iwas sa problema ng pagsusugal sa pamamagitan ng pagsasaliksik at pamamahagi ng impormasyon.

Filipino

www.**responsiblegambling**.org

Bakit Mahalagang kausapin ang iyong mga teenager tungkol sa Pagsusugal

AT PAANO ITO GAGAWIN

RESPONSIBLE GAMBLING COUNCIL
www.responsiblegambling.org

BAKIT ITO MAHALAGA?

Ang mga teenager ay may nakikitang pag-susugal halos araw-araw. Kailangan lamang nilang magpunta sa isang tindahan sa tabi na nagtitinda ng mga lotto ticket o magbukas ng telebisyon upang makakita ng mga naglalaro ng poker.

Ipinakita ng maraming mga pag-aaral na tatlo hanggang apat na porsiyento ng mga nagsusugal na teenager ay nagkakaroon ng mga problema sa pagsusugal. Oras na sila'y 18 taong gulang, halos magdodoble ang pagiging malamáng na sila'y magdidebelop ng problema sa pagsusugal.

Hindi nakikita ng mga kabataan na mapanganib ang pagsusugal. Habang ang mga teenager ay maraming naririnig na mga mensahe ukol sa pag-iwas at kaalaman tungkol sa iba't-ibang paksâ, hindi nalalaman ng marami, o hindi nababahala ang marami, tungkol sa mga maaaring maging panganib na may kinalaman sa pagsusugal.

Ilang taon na lamang ay legal nang makapagsusugal ang mga teenager. Mahalaga ang ibigay sa iyong teenager ngayon ang impormasyon tungkol sa pag-iwas ng problema sa pagsusugal—habang binubuo pa nila ang pagtingin at mga kilos sa pagsusugal. Pangalawa, marami sa mga teenager ang nagsusugal na. Maaaring nagtataya sila ng isa o dalawang dolyar sa hockey o pagbabaraha, ngunit maaaring mas malaki pa kaysa dito.

unawain

kausapin

Laro lamang ito

mga panganib

PAANO KO SILA PROPROTEKTAHAN?

Kapag nauunawaan ng mga teenager na ang pagsusugal ay may mga panganib, mas malamáng na hindi sila magdidebelop ng problema sa pagsusugal. Maaaring matulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanila tungkol sa mga panganib na iyon.

Hindi nauunawaan ng mga magulang na hindi pa kailanman nakikipag-usap sa kanilang mga teenager tungkol dito na ang kanilang sariling kilos ay may ibinibigay na mensahe tungkol sa pagsusugal: Ang mga magulang ay maaaring naglalaro sa lotto, bingo o casino at maaaring mukhang nasisiyahan sa karanasan; maaaring hindi man sila nagsusugal dahil sa moral na pananalig o dahil hindi sila interesado; maaaring sobra ang kanilang ginagastos sa pagsusugal at pagkatapos ay nagsisisi sila.

Bilang isang magulang, mahalaga ang malaman ang epekto ng iyong mga sariling palagay at kilos sa iyong mga anak.

Ang pakikipag-usap sa iyong teenager tungkol sa pagsusugal ay isang paraan upang masiguradong sinasabi mo ang mensaheng gusto mo talagang ibigay.

Alam Mo Ba …

Ipinapakita ng pagsasaliksik na kapag mas maaga nagsimula ang mga tao sa pagsusugal, masa malamáng silang magdidebelop ng problema sa pagsusugal.

ANO ANG DAPAT NILANG MALAMAN?

Ang pagsusugal ay hindi isang paraan upang gumawa ng pera. Ang sistema sa mga sugalan ay ginawa upang makakuha ng mas maraming pera kaysa sa ibinabayad nila. Ang ibig sabihin nito, sa katagalan ng panahon, ang mga tao ay matatalo ng mas maraming pera kaysa sa kanilang mapapanalunan.

Pareho ang prinsipyo para sa lahat ng klaseng pagsusugal—slot machines, lotto, online poker games, atbp. Ang karamihan ng mga sugalero ay matatalo upang may kaunting-kaunti na mananalo nang malaki.

Halos lahat ng mga taong may problema sa pagsusugal ay umaasa nang mali na sila ang susunod na mananalo nang malaki.

Ang pagsusugal ay maaaring mauwi sa mga malubhang problema. Ipinapakita ng pagsasaliksik na itinuturing ng mga kabataan na "masaya", "magaling" at "exciting" ang pagsusugal. Kailangang malaman ng mga teenager na ang pagsusugal ay maaaring hindi mapigil. Maaari itong mauwi sa mga malubhang konsekwensiya tulad ng nakikitang pagkaubos ng pera at mga personal na pag-aari. Maaari din itong mauwi sa mga talo na hindi madaling makita: kawalan ng mga karamdaman ng sariling kahalagahan, kawalan ng mga oportunidad para sa edukasyon, at kawalan ng pagtitiwala at paggalang ng pamilya at mga kaibigan.

Ang pagpunta sa casino ay inilarawan bilang bagong pagbinyag sa pagiging taong may sapat na gulang, katulad ng pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho o karapatang makapasok sa mga bar